

# Mga Kalsada at Tulay na Pribadong Pagmamay-ari

---

Release Date: Oct 29, 2024

Kung mayroon kang isang pribadong pagmamay-ari na kalsada o tulay na nasira o nawasak ng mga Hurricane Milton, Helene o Debby, maaaring magbigay ng tulong sa pananalapi ang FEMA o ang US Small Business Administration (SBA) para sa kapalit o pag-aayos.

## Tulong sa FEMA

Maaaring magbigay ng pondo ang FEMA para ayusin ang mga pribadong pag-aari na access road at tulay na nasira ng mga bagyo sa Florida. Para maging kwalipikado, dapat ikaw ang may-ari at ang bahay ay dapat magsisilbing iyong pangunahing tirahan.

Kinakailangan ang inspeksyon ng FEMA upang matukoy kung kinakailangan ang pag-aayos para ma-access ng sasakyan ang pag-aari. Bilang karagdagan, dapat mong matugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Tinutukoy ng inspeksyon ng FEMA ang mga pag-aayos na kinakailangan upang magbigay ng maayos na access sa pangunahing tirahan.
- Responsable ang aplikante, o ibabahagi ang responsibilidad sa iba pang mga may-ari ng bahay, para sa pagpapanatili ng pribadong pagmamay-ari na access na ruta sa kanilang pangunahing tirahan.
- Ang pribadong pagmamay-ari na access na ruta ay ang tanging access sa pangunahing tirahan ng aplikante, at kinakailangan ang pag-aayos o pagpapalit para sa kaligtasan ng mga naninirahan, na nagpapahintulot sa pag-access para sa mga emerhensiyang sasakyan o kagamitan.

Kapag maraming kabahayan ang gumagamit ng isang pribadong pagmamay-ari na access na ruta, ang tulong ay ibinabahagi sa mga aplikante, na nangangailangan ng karagdagang koordinasyon at dokumentasyon sa pagitan ng FEMA at bawat aplikante.



**FEMA**

Page 1 of 2

## Mga Pautang sa Sakuna sa US Small Business Administration (SBA)

Ang US Small Business Administration (SBA), ang pederal na kasosyo ng FEMA sa pagbawi ng sakuna, ay maaari ring makatulong. Ang mga may-ari ng bahay na gumagamit ng mga pribadong access road at tulay kasama ng iba pang mga may-ari ng bahay ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga pautang sa sakuna. Hindi karapat-dapat ang ari-arian sa agrikultura, ngunit ang isang pribadong access road sa tirahan ng magsasaka, ang tirahan mismo at personal na nilalaman ay maaaring maging karapat-dapat sa ilalim ng pamantayan sa pautang sa bahay na sakuna. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong Farm Service Agency ([USDA Service Center Locator](#)). Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Customer Service Center ng SBA sa 800-659-2955. Kung ikaw ay bingi, hirap sa pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita, mangyaring mag-dial ng 7-1-1 upang ma-access ang mga serbisyo ng relay ng telekomunikasyon, o mag-email sa [DisasterCustomerService@sba.gov](mailto:DisasterCustomerService@sba.gov).

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Hurricane Milton, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4834](https://fema.gov/disaster/4834). Para sa impormasyon sa pagbawi ng Hurricane Helene, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4828](https://fema.gov/disaster/4828). Para sa impormasyon sa pagbawi ng Hurricane Debby, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4806](https://fema.gov/disaster/4806). [I-follow ang FEMA sa X sa x.com/femaregion4](#) o sa Facebook sa [facebook.com/fema](https://facebook.com/fema).

